
# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 5



> **"Magalak kayong lagi; maging matiyaga sa pananalangin. Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos.**
>
> **1 Tesalonica 5:16-18**

## ANG DIYOS BA'Y MAY DI KAYANG GAWIN?

**Sinabi ni Yahweh, "Moises, mayroon ba akong hindi kayang gawin? Ngayon di'y ipakikita ko sa iyo kung totoo o hindi ang aking sinasabi." -- Mga Bilang 11:23**

Sa ating buhay, tayo ay may mga pangarap na di naisasakatuparan. May mga nais din tayong hindi nangyayari, at may mga gustong bagay na di alam kung paano maaangkin. At ang mga ito ay walang katapusang dumarating sa isipan ng tao.

Ang karaniwang tugon ng tao sa mga pangyayari sa kanyang buhay ay batay sa dalawang anggulo –kalikasan o pagkakataon. Magkagano'y may ikatlong batayan na kailangang ibilang tungo sa tamang landasin –ang presensiya ng Diyos. Bakit? Dahil Siya ang lumikha ng langit at lupa at lahat-lahat maging sa iyo at sa akin. At bagamat tayo ay napalayo sa Diyos dahil sa kasalanan, isinugo ng Diyos ang Kanyang bugtong na anak na si Jesus, namatay sa krus, at nabuhay namag-uli upang ang sinumang sumampalataya't sumunod sa Kanyang mga salita ay magkaroon ng buhay na walang hanggan at mapanumbalik sa dating katayuan bilang anak ng Diyos.

Ang pinagdaanang kuwento ng talatang nasulat para sa ngayon ay ang patungkol sa mga taong hinirang ng Diyos na naging alipin sa Egipto. Sila ay pinalaya ng Diyos sa pangunguna ni Moises. Sa kanilang harapan ay nahati ang Dagat na Pula at sila ay tumawid sa tuyong lupa, samantalang nangalunod at nangamatay ang mga dumugis sa kanilang mga sundalo ng haring Paraon. Pagkatapos, habang ang mga taong hinirang ng Diyos ay nasa ilang, sila ay pinakain ng mana at mga pugo, at pinainom ng tubig buhat sa bato. Ang mga ito ay pawang nangyari sa kanilang harapan at sa pamamagitan ng kamay ng Panginoong Diyos.

Ngunit sa kabila nito'y patuloy sa pag-angal ng mga taong hinirang at pagdaing na hindi sila dinidinig ng Diyos. **"Dahil sa hirap na dinanas, nagreklamo ang mga hinirang na anak ng**

**Diyos. Dahil dito, nagalit si Yahweh at pinaulanan ng apoy ang isang gilid ng kanilang kampamento." (Mga Bilang 11:1)** At patuloy silang humihingi ngunit naaantala dahil na rin sa galit ng Diyos. Siya ba ay Diyos na di mapagmahal at di mapagbigay? Mayroon ba siyang bagay na di kayang gawin.

Ang mga tao ay umangal sa paghangad ng ibang makakain. Ang mga nakisama sa paglalakbay ng mga hinirang ng Diyos ay labis nang nananabik sa dati nilang pagkain kayat sila'y nagpasaya at muling nagreklamo. Ang sabi nila: **"Kailan pa ba tayo makakatikim ng masarap na pagkain? Mabuti pa sa Egipto! Doon isang hingi lamang namin ay mayroon na agad isda , pipino, pakwan, sibuyas at bawang. Dito nama'y walang makain kundi manna." (Mga Bilang 11:4-6)** Ang manna ang ibinigay ng Diyos upang sagipin sila sa gutom. Ngunit dahil lamang sa kagustuhan ng masarap para sa tiyan ay nais nilang bumalik bilang alipin sa Egipto. Hindi masama ang magnais, ngunit ang ipalit ang biyaya't presensya ng Diyos ay nakakalungkot. **"Ang pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan ay sa pagkain. Totoo, ngunit pareho itong sisirain ng Diyos." (I Corinto 6:3a)** Sa mga reklamo at pagnanais na bumalik ng tao sa kasalanan, kagustuhan at hilig ng laman, ano kaya sa Diyos ang pakiramdam?

Sinabi ni Moises sa Panginoon, **"Ayaw nila akong tigilan sa kahihingi ng karne. Saan ako kukuha ng karne? Saan ako kukuha ng karne para sa ganitong karaming tao? Hindi ko sila kayang alagaang mag-isa. Napakalaki ng gawaing ito para sa akin." (Mga Bilang 11:13-14)** At nagwika ang Diyos, **"Sabihin mo naman sa buong bayan na humanda sila bukas at makakain na sila ng karne. Nagrereklamo na naman sila. Itatanong nila kung kailan pa sila makakatikim ng karne. Sinabi pang mabuti pa sa Egipto at marami silang pagkain. Kaya bukas ibibigay ko sa kanila ang pagkaing ibig nila." (Mga Bilang 11:18)** Ito'y di ganap maisip at maunawaan ni Moises kaya't siya'y nagtanong, **"Saan manggagaling ang karneng huhusto sa amin sa loob ng isang buwan?"** At sumagot ang Panginoon: **"Mayroon ba Akong di kayang gawin?"**

1.) ***Walang imposible sa pamaraanan ng Diyos***: Ang mga hinirang ng Diyos ay nabusog sa karneng pugo na pagkain. May pagkakataong di sinasagot ng Diyos ang ating mga hiling sa bagay na gusto natin. Ngunit sa Kaniyang sariling kaparaanan ito'y nagaganap dahil wala Siyang hindi magagawa. **(Tinitigan sila ni Hesus at sinabi, "Hindi ito magagawa ng tao, ngunit magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay." (Mateo 19:26)**

2.) W***alang imposible sa pagtutuwid ng Diyos:*** Ang mga hinirang ng Diyos ay nagpumilit sa kanilang kagustuhan at tumugon ang Diyos. **"Ngunit bago pa lamang nila ito kinakagat, ibinuhos na ni Yahweh ang kaniyang galit sa mga hinirang niyang mga anak at Siya'y nagpadala nang isang kakilakilabot na salot." (Mga Bilang 11:33)** Ibinigay Niya ang kanilang ninais ngunit sila ay Kanyang dinisiplina. Karaniwan, hindi natin alam kung paano makipag-usap at humingi sa Diyos. Ang nais natin ay makuha lamang ang gusto na parang bumibili sa palengke. Ang ating turing sa Diyos ay isang pamilihan. Ang ating gusto ay layaw ng katawan, at ayaw sa kalooban ng Diyos. Dahil dito, tayo ay itinutuwid sa pamamaraan na nakakasakit. **"Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihanda ko para sa ikabubuti ninyo at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap." (Jeremias. 29:11)** Ito ay wika ng Diyos na nuhay.

***Mga Minamahal:*** Ang ganitong kasaysayan ay pangkaraniwan upang ganap na maunawaan natin kung papaano kumilos ang Diyos para sa atin**. "Ngunit kung hinahatulan tayo ng Panginoon, tayo'y itinutuwid niya upang hindi tayo maparusahang kasama ng sanlibutan." (I Corinto 11:32)** Nais ba nating mapalapit sa Diyos? Siya ay sagana sa biyaya at habag! **Amen.**